




Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS



OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-4 NA KARANIWANG PAGPUPULONG NG IKA-8 KAPULUNGAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 05 AGOSTO 2013, IKA-1.00 NG HAPON SA DULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Pangalawang Punong Bayan Violeta L. Dimapilis - Tagapangulo
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Johnell C. Siñel
Konsehal Gualberto V. Magno
Konsehal David D. Dela Cruz
Konsehal Ramil O. Dimapilis
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Elsie F. Galaran
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.
Konsehal Camilo G. Ferreira - Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Mary Jennie Leigh Q. Sarmiento - Pangulo, MSKF

Hindi Nakadalo: W A L A

KAPASYAHAN BLG. 026
Taong 2013

KAPASYAHANG NAGPAPAHAYAG NG PAGKILALA AT PAPURI SA NATATANGING LIDERATO, DEDIKASYON AT BUKAS-PALAD NA PAGLILINGKOD NG KGG. PANGALAWANG PUNONG LALAWIGAN HUMERLITO "BONZ" ATIENZA DOLOR NG LALAWIGAN NG SILANGANG MINDORO.

- SAPAGKAT, ang Kgg. Humerlito "Bonz" A. Dolor ay Pangalawang Punong Lalawigan na nakilala sa pagiging isang mabuting lingkod bayan sa lalawigan ng Silangang Mindoro;
- SAPAGKAT, ang kanyang katapatan at dedikasyon sa tungkulin ay nagpataas ng tiwala ng mga mamamayan sa mga lider pulitiko ng lalawigan lalong-lalo na sa bumubuo ng Sangguniang Panlalawigan;
- SAPAGKAT, isa ang Batasang Panlalawigan sa mga malpagmamalaking nagawa ng kanyang kasalukuyang panunungkulan na nagsilbing inspirasyon ng lahat ng mambabatas sa Silangang Mindoro gayundin ng mga kapwa mambabatas ng ibang lalawigan;
- SAPAGKAT, ang pagiging Tagapangulo at kanyang liderato sa Sangguniang Panlalawigan ay hinahangaan at naging chemplo ng mga Sanggunian ng iba't-ibang lokal na pamahalaan;
- SAPAGKAT, ang kanyang muling pagkakaluklok na walang kalaban bilang "National Chairman" ng Liga ng mga Pangalawang Punong Lalawigan ng Pilipinas ay ipinagmamalaki ng bawat Mindorenyo at mga kasamahan sa panunungkulan;

SAPAGKAT, sa kabila ng kanyang mga natamong karangalan, ang Pangalawang Punong Lalawigan Humerlito "Bonz" A. Dolor ay nanatiling mapagpakumbaba at patuloy na nagseserbisyo ng mahusay at matuwid sa lahat ng kanyang mga kababayan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas ay kinikilala ang natalanging liderato, dedikasyon at bukas-palad na paglilingkod ng Kgg. Humerlito "Bonz" A. Dolor, Pangalawang Punong Lalawigan, Lalawigan ng Silangang Mindoro.

DAHIL DITO, sa mungkahi ng lahat


IPINASIYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipahayag ang pagkilala at papuri sa natatanging liderato, dedikasyon at bukas-palad na paglilingkod ng Kgg. Pangalawang Punong Lalawigan Humerlito "Bonz" A. Dolor ng lalawigan ng Silangang Mindoro.

IPINASIYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Kgg. Humerlito "Bonz" A. Dolor, Pangalawang Punong Lalawigan ng Silangang Mindoro para sa kanyang kaalaman.


IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang Sangguniang Pantlalawigan ng Silangang Mindoro para sa kanilang kaalaman.

Pinagtibay : 05 Agosto 2013

PINATITIBAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


VIOLETA L. DINAPILIS
Pangalawang Punong Bayan